# WELCOME

Anong isang malaking pagbabago ang nakita ng ibang tao sa buhay mo simula ng makakilala ka kay Cristo?

# WORSHIP

Sa nagdaang linggo, paano mo nakita ang kamay o pagkilos ng Diyos sa iyong personal na buhay? (Pagkatapos, sama-samang umawit sa Panginoon ng isang awit na nagpapahayag ng kanyang dakilang kapangyarihan.)

# WORD

**Layunin:** *Pagkatapos ng araling ito, inaasahan ang bawat miyembro na…*

- Malaman ang apat na aspeto kung saan mapapatunayan na ang ating Diyos ay Diyos na di nagbabago.
- Mapahalagahan ang malaking kaibahan ng dakilang Diyos kung ikukumpara sa ating mga tao na pabagu-bago.
- Makagawa ng malinaw na hakbang upang ang relasyon sa Diyos ay maging katulad ng mga maka-Diyos na tao sa Biblia.

### Panimula

1. Ibahagi ang isang karanasan kung saan may itinakda kang gawin ngunit nagbago ang isip mo pagkatapos ng ilang araw. Ano ang naging epekto nito?

Tulay tungo sa Talakayan: Ang tao ay madalas pabagu-bago ang isip, ugali, o mga gawi. Ngunit hindi ganyan ang Diyos natin. **Siya ay Diyos na di nagbabago.** Sa araling ito, titingnan natin ang apat na aspeto kung saan ang Diyos ay makikita nating di nagbabago at ang implikasyon nito sa relasyon natin sa kanya.

### Talakayan

2. *Una, hindi nagbabago ang katangian ng Diyos.* Anong katangian ng Diyos na nakasaad sa Exodo 34:6-7 ang minsan ay inaakala nating nagbabago sa paglipas ng panahon? Kung sinasabi ni Santiago (James) sa 1:17 na sa Diyos ay "walang pagbabago," paano ngayon natin dapat titingnan ang mga katangian ng Diyos na nabanggit?

3. *Ikalawa, hindi nagbabago ang katotohanan ng salita ng Diyos.* Basahin ang Isaias 40:6-8. Kung di nagbabago ang katotohanan ng salita ng Diyos, ano ang epekto nito sa pag-aaral at pagsasabuhay ng kanyang mga salita (utos, pangako, babala) sa Biblia?

4. *Ikatlo, hindi nagbabago ang mga layunin ng Diyos.* Basahin ang 1 Samuel 15:29 at Mga Bilang 23:19. Paano natin dapat panghawakan ang mga pangakong binitawan ng Diyos? Tingnan din ang Hebreo 6:17-18.

5. *Ikaapat, hindi nagbabago ang Anak ng Diyos.* Basahin ang Hebreo 13:8. Kung ibabahagi natin si Cristo sa ibang tao, paano natin sila hihikayatin na magtiwala sa kanya gayong alam nating di siya nagbabago? Tingnan din ang Hebreo 7:25.

### Pagsasabuhay

6. Kung ang Diyos ay Diyos na di nagbabago, posible ba na magkaroon tayo ng relasyon sa Diyos na katulad nina Abraham, David, at Pablo? Bakit o bakit hindi?

7. Kung gayon, anong hakbang ang maaari nating gawin upang ang relasyon natin sa Diyos ay maging tulad ng mga maka-Diyos na lalaki at babae sa Biblia? Bago iyon, suriin muna ang bahagi ng relasyon natin sa Diyos na malayo sa klase ng relasyon ng mga tao sa panahon ng Biblia.

**Memory Verse of the Week:**
*"Jesus Christ is the same yesterday and today and forever."*
(Hebrews 13:8 ESV)

# WORKS

Maaring pag-usapan ang mga plano para sa mga susunod na gawain ng Kaagapay at ipanalangin ang mga kaibigan o kapamilyang di pa nakakakilala kay Cristo.